Solar sa Pabahay na Abot-Kaya para sa Maramihang Pamilya (Solar on Multifamily Affordable Housing, SOMAH)

# Ano ang maaasahan sa SOMAH



## Ano ang dapat mong asahan kapag naging solar ang iyong gusali?

Nakikipagtulungan angproperty owner sa programang Solar sa Pabahay na Abot-Kaya para sa Maramihang Pamilya (Solar on Multifamily Affordable Housing o SOMAH) upang magkabit ng sistemang solar photovoltaic (PV) sa iyong gusali.

## Paano gumagana ang SOMAH?

- Ang isang aprubadong kontratista ng SOMAH ay magkakabit ng sistemang PV.
- Magbibigay ang sistemang PV ng malinis na enerhiya para sa iyong tahanan at para sa mga pangkaraniwang lugar tulad ng silid labahan, mga pasilyo, at mga lugar ng pamayanan.
- Ang sistemang PV ay pananatilihin at pangangalagaan at pagaganahin ng property owner o ng isang kontratista.
- Wala kang babayaran sa pagpapanatili at mga pagpapagana ng sistemang solar sa iyong gusali.
- Patuloy mong babayaran ang iyong kuwenta ng utility bawat buwan, ngunit makakatanggap ka ng mga kredit para sa malinis na enerhiya na nalilikha ng sistemang PV na nagbabawas sa halaga ng iyong kuwenta.
- Magkakaroon ka ng pagkakataon na magpatala sa mga programa sa pagkaepektibo ng enerhiya at maging konektado sa Programa para sa Tulong sa Pagtitipid ng Enerhiya (Energy Savings Assistance Program, ESA), isang serbisyo na walang gastos upang tumulong sa pagtitipid ng enerhiya.

## Paano ako makikinabang?

- ✔ Makakatanggap ka ng mga direktang pinansyal na benepisyo sa iyong kuwenta ng enerhiya.
- ✔ WALA kang makikitang pagtaas sa upa o anumang iba pang gastusin para sa iyong sambahayan.
- ✔ Ikaw o ang iyong pamilya ay maaaring magkaroon ng akses sa mga pagkakataon sa pagsasanay sa trabaho na bayad na, matututong magkabit ng sistemang PV na solar.
- ✔ Ang isang bahagi ng iyong gusali ay magkakaroon ng kuryente mula sa malinis na nababagong enerhiya.

## Saan nanggagaling ang pondo?

Ang programang SOMAH ay pinopondohan ng Estado ng California, gamit ang mga pondo na itinalaga para sa pagbabawas ng mga emisyon ng greenhouse gas at sa pagtutugon sa pagbabago ng klima. Nagbibigay ang SOMAH ng ilang mga serbisyo na walang gastos para sa mga property owner at mga nangungupahan, na magtitiyak na wala kang anumang babayaran upang i-akses ang malinis na enerhiya.

## Mga tanong tungkol sa SOMAH?

Hotline ng Nangungupahan: 800-843-9728

SOMAH

Ang SOMAH ay pinangangasiwaan ng SOMAH Program Administration Team sa ilalim ng tangkilik ng California Public Utilities Commission (CPUC). © 2018 California Public Utilities Commission. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Solar sa Pabahay na Abot-Kaya para sa Maramihang Pamilya (Solar on Multifamily Affordable Housing, SOMAH)

# Paano mo makukuha nang lubos ang lahat na galing sa SOMAH

## Paano makakabenepisyo ang SOMAH sa mga nangungupahan?

### 1. Mga direktang pinansyal na benepisyo

- Makakatanggap ang lahat ng nangungupahan ng mga kredit sa kanilang mga kuwenta ng enerhiya. Kung ang matitipid na ito ay hindi makita sa iyong kuwenta, mangyaring ipagbigay-alam sa may-ari o makipag-ugnayan sa hotline ng SOMAH para sa nangungupahan.

### 2. Pagtitipid sa enerhiya

- Maaari mong dagdagan ang iyong mga benepisyo sa pamamagitan ng paggamit ng mas matipid na enerhiya sa iyong tahanan. Gamitin ang polyetong **Mga simpleng guide naparaan ng pagtitipid ng enerhiya** upang matulungan kang makabawas ng iyong paggamit ng enerhiya. Samantalahin din ang **programang ESA**, na awtomatikong masasalihan mo.



### 3. Mga pagkakataon para sa pagsasanay sa trabaho

- Bilang residente ng gusaling tumatanggap ng solar mula sa Programang SOMAH, karapat-dapat ka para sa **bayad na** na mga pagkakataon para sa solar na pagsasanay sa trabaho.
- I-akses ang job board ng SOMAH, kung saan ay maaari kang mag-post ng iyong resume at mag-apply sa mga trabaho.
- Magkaroon ng akses sa isang direktoryo ng mga organisasyon sa pagsasanay sa trabaho na nag-aalok ng mga pagsasanay na may kaugnayan sa solar.
- Makinabang mula sa ibang mga sanggunian upang masuportahan ang iyong paghahanap ng trabaho at propesyunal na pag-unlad.
- Tawagan mo ang kontratistang aprubado ng SOMAH na nagkakabit ng solar sa iyong gusali (tingnan sa ibaba).

## Pagkontak na impormasyon ng kontratista

## Mga Sanggunian para sa Nangungupahan

### Kinakailangan:

- ✔ Ano ang maaasahan sa SOMAH
- ✔ Paano magbabago ang iyong kuwenta ng utility?
- ✔ Mga materyales ng programang ESA

### Mga Karagdagang Sanggunian:

- ✔ Mabayaran ka ng para sa pagkabit ng solar kung saan ka nakatira
- ✔ Mga simpleng paraan ng pagtitipid ng enerhiya
- ✔ Paano gumagana ang enerhiyang solar
- ✔ Ano ang maaasahan sa pagkabit ng solar
- ✔ Panimulang PowerPoint na presentasyon

## Mga tanong tungkol sa SOMAH?

Hotline ng Nangungupahan: 800-843-9728

SOMAH

Ang SOMAH ay pinangangasiwaan ng SOMAH Program Administration Team sa ilalim ng tangkilik ng California Public Utilities Commission (CPUC). © 2018 California Public Utilities Commission. Nakalaan ang lahat ng karapatan.